Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California
Libreng tawag (800) 776-5746

Papel ng Katotohanan sa Sariling-Trabaho

Pebrero 2014, Lat. #5454.08 - Tagalog

Ang impormasyon sa pahina ng katotohanan na ito ay hango sa “Making Self-employment Work for People with Disabilities” (Gawing Posible ang Sariling-pagtrabaho para sa mga Taong may mga Kapansanan) (Griffin & Hammis, 2003).

ANO ANG SARILING-PAGTRABAHO?

Ang sariling-pagtrabaho ay nag-uugat sa paniniwala na ang mga kalakasan, interes, kagustuhan at likas na kakayahang gampanan ang trabaho nang mahusay kapag binigyan ng mga pagpipilian, respeto, pag-asa at pagkakataon.

ANO ANG ILANG PAKINABANG NG SARILING-PAGTRABAHO?

- Ang ekonomiya ng US ay nagpapahintulot sa sariling-pagtrabaho upang lumago nang husto.

- Ang sariling-pagtrabaho ay nagbibigay sa mga benepisyaryo ng Segurong Panlipunan ng pinansyal na proteksyon sa panimulang yugto ng negosyo.

- Ang mga taong may mga kapansanan na nagtatrabaho para sa sarili ay maaaring magka-akses sa alternatibong mapagkukunan ng puhunan upang itayo ang negosyo nila.

- Ang sariling-pagtrabaho ay makatutulong sa mga taong may makabuluhang mga kapansanan.

- Nagpapahintulot ang sariling-pagtrabaho sa mga indibidwal na iiskedyul ang araw ng trabaho ayon sa personal na pagiging produktibo, mga sintomas ng kapansanan at mga layunin.

ANONG URI NG MGA NEGOSYO ANG MAAARI KONG ARIIN?

- Mga Nag-iisang Pagmamay-ari – Ang may-ari at ang negosyo ay iisa.

- Mga Pakikipagsosyo – Ang negosyo na may mahigit sa isang nagmamay-ari kung saan ang mga kita at lugi ay nahahati sa mga magkasosyo.

- Mga Limitadong Pananagutan na Kumpanya (Limited Liability Companies, LLC) – Isang uri ng pakikipagsosyo na nagpapahintulot ng bawas na personal na pananagutan ng isang korporasyon subalit mayroong mga pakinabang sa buwis ng isang pakikipagsosyo.

- Korporasyon – Karaniwang mga kumpanya na may mga empleyado, gastos sa abogado at mga bayad sa paglilisensiya.

MAAARI BA AKONG MAGMAY-ARI NG NEGOSYO AT PATULOY NA MAKUHA ANG MGA BENEPISYO KO SA SEGURONG PANLIPUNAN?

Ang mga insentibo sa trabaho ng Segurong Panlipunan ay maaaring ipatupad upang makatulong sa paghahangad ng iyong layunin sa sariling-pagtrabaho. Mahalaga na makuha ang Pagpaplano ng Benepisyo upang mapakinabangan at maunawaan kung paano makatutulong sa iyo ang mga insentibo sa trabaho ng Segurong Panlipunan.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG TULONG?

Kagawaran ng Rehabilitasyon (DOR, Department of Rehabilitation): http://www.dor.ca.gov

Mga Sentro ng Trabaho ng Amerika: https://www.edd.ca.gov/jobs.htm

Samahan ng Trabaho (EN, Employment Network): http://www.yourtickettowork.com

Proyekto ng Pagpaplano at Tulong sa Insentibo sa Trabaho (WIPA, Work Incentive Planning at Assistance Projects): https://www.ssa.gov/work/WIPA.html

Proteksyon at Pagtataguyod para sa mga Benepisyaryo ng Segurong Panlipunan (PABSS, Protection at Advocacy for Beneficiaries of Social Security): http://www.disabilityrightsca.org; o tumawag sa 800-776-5746

Pinag-aralan ng (SSA, Social Security Administration) ang dokumentong ito para sa kawastuhan, subalit, hindi ito dapat na ituring na opisyal na dokumento ng SSA.

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.